## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Narinig mo na ba ang kasabihang "walang taong nabubuhay nang nag-iisa?" Ano ang ibig sabihin nito? Ibig nitong sabihin na walang taong nabubuhay para sa kaniyang sarili lamang. Kapag may suliranin ka, sumasangguni ka sa iyong mga kaibigan o kapamilya. Kanino ka pa humihingi ng tulong? Sa iyong mga katrabaho? Sa mga kapitbahay? Sa mga tao na kasa-kasama mo? Naiisip mo ba kung ano ang buhay mo kapag wala sila? Ang buhay natin ay makahulugan dahil sa mga taong nakakasama natin. Ikaw ba ay isang mabuting kaibigan? Paano mo pinakikisamahan ang mga tao sa paligid mo?

Ang modyul na ito ay tatalakayin ang kahalagahan ng pakikipagkaibigan at ang pagkakaroon ng magandang ugnayan sa ibang tao o pakikipagkapwa. Layunin nito na gawin kang higit na mabuting tao sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga halagahan o values at mga idea na makakatulong sa iyo upang maging higit na mabuting tao ka para sa iba.

Ang modyul na ito ay nahahati sa tatlong aralin:

Aralin 1 – *Kapwa Ko, Pananagutan Ko*

Aralin 2 – *Paano Maging Mabuting Kaibigan*

Aralin 3 – *Ikaw ba ay Tao Para sa Iba?*

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, may kakayahan ka nang:


- talakayin ang kahalagahan ng pagtatag ng mabuting pakikipagkaibigan at magandang pakikipag-ugnayan sa iba;
- isabuhay ang mahahalagang halagahan o values gaya ng pagtitiwala, paggalang, at pagkamaunawain sa pakikipagkaibigan at pakikipag-ugnayan sa iba;
- ihambing ang mga halagahan o values at mga idea na tinalakay sa modyul sa iyong pang-araw-araw na buhay at mga karanasan; at
- makilala ang mga sitwasyong kailangan ng iba.




## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo pag-aralan ang modyul na ito, sagutan muna ang pagsusulit na ito upang makita kung alam mo na ang mga paksang tatalakayin.


A. Alin sa mga larawan sa ibaba ang tamang paraan ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao? Lagyan ng tsek **(4)** ang napiling sagot.




a. ___



b. ___



c. ___



d. ___

B. Isulat ang **TAMA** kung ang pangungusap ay tama o totoo. Kung hindi tama, isulat ang **MALI**.

_______ 1. Ang pagpapaubaya ay paggalang sa mga paniniwala at opinyon ng iyong mga kaibigan at kapwa.

_______ 2. Hindi mo kailangan ang magkaroon ng magandang pakikipag-ugnayan sa mga pulubi at batang lansangan.

_______ 3. Ang *pakikipagkapwa-tao* ay paggawa ng lahat ng bagay upang mapasaya ang iyong kapwa.

_______ 4. Ang tao na para sa iba ay kusang tumutulong sa kapwa sa pamamagitan ng pagsunod sa batas pantrapiko, pagtulong sa mga matatandang tumawid sa kalsada at ang pagiging tapat sa kanyang mga gawain.

_______ 5. Ang empatiya ay ang pakikipagtulungan sa mga kapitbahay sa paggawa ng mga proyektong pampamayanan.

_______ 6. Ang isang mabuting kaibigan ay laging nagbibigay ng tamang pangaral.

_______ 7. Mahalaga ang mga kaibigan dahil napawawala nila ang ating mga suliranin.

_______ 8. Mahalaga ang *pakikipagkapwa-tao* dahil nagkakaisa ang mga tao na kumilos tungo sa isang layunin.

_______ 9. Maituturing kang mahabagin kung ilalagay mo ang iyong sarili sa sitwasyon ng iba at unawain ito.

_______ 10. Bago mo asahang magkaroon ng magandang katangian ng isang mabuting kaibigan ang ibang tao, kailangan na taglay mo rin ang mga katangiang ito.

O, kumusta? Sa palagay mo, tama ang mga sagot mo? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 46–47.

Kung tama lahat ang iyong mga sagot, magaling! Ipinapakita nito na may nalalaman ka na tungkol sa pakikipagkaibigan at pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa ibang tao. Maari mo pa ring basahin ang modyul upang madagdagan ang iyong kaalaman.

Kung may mga mali ka, huwag mag-alala! Ang modyul na ito ay para sa iyo. Matutulungan ka nitong maintindihan ang mga mahahalagang halagahan o values at mga idea na iyong maisasabuhay. Kapag pinag-aralan mo itong mabuti, malalaman mo ang mga sagot sa mga tanong sa pagsusulit at marami pa. Nakahanda ka na ba?

Maaari mo nang umpisahan ang Aralin 1.

## ARALIN 1

# Kapwa Ko, Pananagutan Ko

Tayong mga Pilipino ay kilalang mahilig makipagkaibigan sa tao. Gustong gusto nating nakikisalamuha sa tao. Mahalaga sa atin ang mabuting pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Ikaw ba ay mahilig ding makipagkaibigan? Nakikisalamuha ka ba sa tao? Ano ang *pakikipagkapwa*? Sinu-sino ang iyong mga *kapwa*? Ang mga tanong na ito ay mapag-uusapan sa araling ito.

Pagkatapos ng aralin, may kakayahan ka nang:

- ipaliwanag ang kahulugan ng pakikipagkapwa-tao o pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa ibang tao;
- matukoy kung sino ang iyong mga kapwa;
- maipaliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa kapwa; at
- isabuhay ang mga aral na natutuhan mo sa araling ito.

# Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Pag-aralan at suriin ang mga pangyayari sa ibaba.



Ano ang problema ni Lina?

_______________________________________________

_______________________________________________

Ano ang ginawa ng kapitbahay niyang si Laura? Sa palagay mo ba, marunong makipagkapwa-tao si Laura? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

Kung ikaw si Laura, ganoon din ba ang gagawin mo? Bakit oo, bakit hindi?


_______________________________________________

_______________________________________________

Ihambing dito ang iyong sagot:

*Ang suliranin ni Lina ay kailangan niyang matapos ang mga tahiin hanggang Biyernes. Kailangan niyang mag-overtime para matapos ito. Dahil dito, hindi siya nakadalo sa pulong. Nang ipaliwanag niya ang kaniyang kalagayan kay Laura, agad siyang naintindihan nito. Sinabi pa nito ang pag-aalala na baka magkasakit si Lina dahil kulang siya sa pahinga. Bukod pa dito, nangako pa siyang tutulungan niya si Lina. Dahil sa kaniyang pang-unawa at malasakit kay Lina, masasabi ba natin na si Laura ay nakikipagkapwa-tao?*

Ano ang *pakikipagkapwa-tao*? Ipagpatuloy ang pagbabasa upang malaman ang sagot sa tanong na ito.



## Alamin Natin

Ang *pakikipagkapwa-tao* ay galing sa salitang kapwa-tao. Nakakikita tayo araw-araw ng iba't ibang uri ng tao. Ang kartero, ang magtataho, ang drayber, ang mangingisda at ang ating mga katrabaho, ilan sila sa mga taong ating nakikilala. Paano ka makikisalamuha sa mga taong ito? Palakaibigan ka ba sa kanila? Kung nangangailangan sila ng tulong, kusa ka bang tutulong sa kanila?


Ang ibig sabihin ng *pakikipagkapwa-tao* ay pakikiisa sa mga tao. Sa malalim na kahulugan, ito ay pagpapakita ng mabuting ugnayan sa tao.

Sinu-sino ang iyong kapwa? Sinu-sino ang mga nakakasalamuha mo? Alamin natin ito sa paggawa ng susunod na gawain.



## Subukan Natin Ito

Isulat sa ibaba ang mga pangalan ng tao na itinuturing mong kapwa mo. Sa bilog na may pamagat na "pamilya", isulat ang mga pangalan ng mga kasapi ng iyong pamilya (ama, ina, mga kapatid, atbp.). Sa bilog na may pamagat na "mga kaibigan", isulat ang mga pangalan ng iyong mga kaibigan, at sa iba pa.




Ihambing ang iyong mga sagot sa mga makikita sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 47.



# Pag-aralan at Suriin Natin Ito


Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba.



Mga Pulubi



Mga Adik



May Kapansanan



Mga Rebelde



Mga Kriminal



May Kahinaan sa Utak


Itinuturing mo bang kapwa mo ang mga taong nasa larawan? Bakit oo, bakit hindi?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48.

Sa susunod na pagtatalakay ay matututuhan mo pang mabuti ang tungkol sa kapwa-tao.



# Alamin Natin

Ang ating *pakikipagkapwa-tao* ay hindi lamang nakalimita sa ating mga kaibigan, pamilya, kamag-anak at kapit-bahay. Kasama dito ang lahat ng tao. Kapag sinabi nating mga tao, hindi lang natin tinutukoy ang mga mayayaman, maykapangyarihan o malulusog na tao. Kabilang sa ating mga kapwa ang mga mahihirap, ang mga kakaiba, ang mga taong nakagawa ng krimen at iba pa. Ang pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa kapwa o pakikipagkapwa-tao ay ang pagiging kapatid sa lahat ng mga tao.

Kabilang sa ating kapwa-tao ang sumusunod:




Mga Opisyales ng Pamahalaan




Mga Manggagawang Panlipunan o Social Workers



Mga Sundalo



Mga Kapwa-Pilipino




Mga Mamamayan ng Iba't ibang Bansa




## Subukan Natin Ito

Ang sumusunod ay halimbawa ng ating mga kapwa. Subukang tukuyin kung sino sila sa pamamagitan ng pagsulat ng iyong sagot sa ibaba ng bawat larawan.



a. ____________




b. ____________



c. ____________



d. ____________




e. ____________



f. ____________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48.

Ipagpatuloy ang pagbabasa at pag-aaral sa pagpapahalaga sa pakikipagkapwa-tao.




## Alamin Natin

Ang *pakikipagkapwa-tao* ay tungkol sa pagpapakita ng malasakit at pag-unawa sa mga tao. Paano mo ipinakikita ang iyong malasakit at pag-unawa sa iyong kapwa-tao?

Isang paraan ay ang pagmamalasakit sa iba - ang pagpapakita ng pagkaawa, empatiya at pakikiramay sa ibang tao.

## Pagkamahahabagin

Ang pagtulong sa mga taong nangangailangan ay pagpapakita ng pagiging mahabagin.




## Empatiya

Nangangahulugang paglagay ng iyong sarili sa sitwasyon o kalagayan ng ibang tao. Ito ang pagdama sa maaaring naramdaman ng iba kapag nasa isang tiyak na sitwasyon o kalagayan.



**Pakikiramay**

Ang *pagdamay* ay ang pakikibahagi sa dalamhati o problema ng isang tao.






## Subukan Natin Ito

Tingnan natin kung naintindihan mo ang ilang mahahalagang halagahan o values sa ating talakayan.

Tingnan ang talaan ng mga salita. Ito ang mga katangian na mahalaga sa *pakikipagkapwa-tao.*

| | | |
|---|---|---|
| Pakikiramay | Pagkamahahabagin | Empatiya |

Ang nakatala sa ibaba ay mga pangyayari na nagpapakita ng malasakit sa iba. Isulat ang katangian na ipinakikita sa bawat pangyayari.

1. Oras ng tanghalian sa pagawaan na pinagtatrabahuhan ni Jing. Habang kumakain siya ng kanin at adobong sitaw, nakakita siya ng isang batang babae na naghahanap ng pagkain sa may basurahan. Sa awa niya sa bata, ibinigay niya dito ang sobra niyang pagkain.



Anong halagahan ang ipinakita ni Jing? ___________________

2. Si Mang Romeo ay nakikinig ng balita sa radyo. May nag-uulat tungkol sa isang aksidente:




Naiisip ni Mang Romeo ang pamilya ng manggagawa. Tinanong niya sa sarili: Paano mabubuhay ang pamilya ngayong hindi na puwedeng magtrabaho ang ama? Ano ang mangyayari sa mga anak? Naiisip din niya ang kaniyang pamilya, na kapag sa kaniya nangyari ang aksidente, ano ang mangyayari sa kaniyang asawa at dalawang anak.

Anong halagahan ang ipinakita ni Mang Romeo? _________________

3. Ang kaibigan ni Darsana ay nagtratrabaho sa Taiwan. Doon, ang kaibigan niya ay may mga suliranin tungkol sa kanyang trabaho. Pinipilit siyang mag-overtime at hindi pinapayagang magpahinga kahit Linggo. Alam ni Darsana na nahihirapan ang kaniyang kaibigan. Dahilan sa malayo siya sa kaniyang kaibigan, tanging ang pagsusulat sa kaniya ang magagawa ni Darsana upang ipaalam sa kaniyang kaibigan na narito siya na nakikibahagi sa mga suliranin niya.



Anong katangian mayroon si Darsana? ________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa pahina 48.



## Pag-isipan Natin Ito

Alam na ninyo na ang mga pulubi, mga batang lansangan, at ang mga mahihirap na tao ay ating mga kapwa. Dapat tayong magpakita ng malasakit sa kanila sa pamamagitan ng pagiging mahabagin. Sa palagay mo ba, nararapat na bigyan ng limos ang mga pulubi at batang lansangan? Bakit oo, bakit hindi?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ang iyong sagot ay dapat katulad nito:

*Hindi. Ang pagbibigay ng pera ay hindi makatutulong sa kanilang suliranin. Kapag lagi mo silang bibigyan, lalo silang aasa sa pera mo. Hindi na sila maghahanap ng trabaho o subukang maahon sa kanilang kalagayan. Kung gusto mo silang tulungan, maaari mong ipagkaloob ang iyong pera sa mga samahan na tumutulong sa mga batang lansangan, pulubi at mga dukha. Ang mga samahang ito ang tumutulong din upang mabigyan sila ng masisilungan, damit, edukasyon, at iba pang paglilingkod sa mga batang lansangan.*

Naiintindihan mo na ba kung paano magpakita ng malasakit sa ibang tao? Malinaw na ba sa iyo ang mga halagahang gaya ng pagiging maawain, pagpapakita ng empatiya, at pakikiramay?

Naririto ang ilan pang mahahalagang halagahan sa *pakikipagkapwa-tao*.

## Basahin Natin Ito

Ang pag-unawa, paggalang, pagtulong sa saloobin at kaugalian ng iba, at pakikipagtulungan ay mahahalaga sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao.




Pag-unawa

Dapat mong **isaalang-alang** ang damdamin at kalagayan ng iyong kapwa-tao.

Dapat mo ring maintindihan na lahat tayo ay may kinagugustuhan at kinaaayawan. Halimbawa, gusto mong maglangoy, ang iba naman ay gustong umakyat ng bundok. Dapat igalang natin ang paniniwala, pasiya, at opinyon ng iyong kapwa-tao.




Igalang ang opinyon o ng kapwa-tao.

Maliban dito, maaari mong ipakita ang paggalang sa mga tao sa pamamagitan ng pagbibigay pitagan sa taong iyong nakikita o nakikilala, sa pagsisilbi ng pagkain sa iyong mga bisita, at sa pagtatanong tungkol sa kanilang mga kalagayan.


Paggalang

Kapag iginalang mo ang paniniwala ng iyong mga *kapwa-tao*, ikaw ay **mapang-unawa**. Kinikilala mo ang karapatan ng bawat isa na magkaroon ng sariling opinyon, paniniwala, at kung ano ang gusto niyang buhay. Sa pagiging mapagpaubaya, hindi mo ipinilit na sumang-ayon sila sa iyong opinyon o paniniwala.


Mapang-unawa

Kapag iginalang at naiintindihan natin ang mga opinyon, paniniwala, at pasiya ng ating *kapwa-tao*, magiging maayos ang ating pakikipag tulungan sa kanila.




Pakikisama

Ang pakikisama ay ang pagbabahagi ng iyong talino, resources o mga bagay na mayroon ka, at ang iyong tulong sa mga tao. Ang magandang halimbawa nito ay ang bayanihan na nagkakaisa upang tumulong sa kanilang kapwa.



## Subukan Natin Ito

Ikaw ay magaling na mag-aaral. Subukan mo munang gawin ang larong ito habang pinagbabalik-aralan mo ang mga halagahan ng pakikipagkapwa-tao.

Tingnan ang talaan ng mga salita:

| | | |
|---|---|---|
| Paggalang | Pagkamahahabagin | Paggalang |
| Empatiya | Mapang-unawa | Pakikisama |

Subukang hanapin ang mga salitang ito sa kahon ng mga titik. Ang mga ito ay maaaring nakaayos nang pahalang, patayo, o dayagonal. Bilugan ang mga salita. Ang salitang paggalang ay binilugan bilang halimbawa.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | N | S | T | K | X | Q | T | X | I | Z | K | H | C |
| A | H | R | M | A | P | A | N | G | U | N | A | W | A |
| G | G | B | I | O | A | E | M | P | A | T | I | Y | A |
| G | F | Q | R | A | G | E | U | Q | Z | M | N | P | P |
| A | N | W | G | Q | H | E | R | P | J | N | J | A | A |
| L | Z | P | H | P | K | A | B | A | M | T | E | W | S |
| A | Y | K | M | L | P | J | T | E | N | G | L | Q | S |
| N | L | I | Y | A | W | E | W | K | L | C | S | R | I |
| G | T | L | P | A | K | I | K | I | S | A | M | A | O |
| O | C | O | U | R | T | E | S | Y | G | U | H | E | N |
| N | P | A | G | K | A | M | A | H | A | B | A | G | I |
| Q | H | D | C | O | M | P | A | G | G | A | L | A | N |
| M | R | J | E | H | Z | K | E | R | T | Z | S | M | W |
| X | W | U | L | V | O | M | L | P | E | Y | E | Y | E |

Ihambing ang sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48.




## Pag-isipan Natin Ito

Tayong mga Pilipino ay nasanay na sa *pakikisam*a sa pamamagitan ng paggawa sa abot ng ating makakaya para sa ikasisiya ng ating kapwa. Ito ba ay mabuti o masama? Bakit oo, bakit hindi?


Isipin ang pangyayaring ito: Ang iyong mga kaibigan ay nag-iinuman sa harap ng tindahan. Pagdaan mo, nakita ka nila at niyayang makisali sa kanila. Ano ang iyong gagawin? Sasali ka ba? Paano kung hinihintay ka ng mga anak na dahil dala mo ang pagkaing para sa kanila? O kaya, kailangan mong gumising nang maaga dahil mag-aaplay ka ng trabaho kinabukasan? Makikipag-inuman ka pa ba sa iyong mga kaibigan?

Isipin ang iyong mga sagot sa mga tanong na ito habang binabasa mo ang susunod na paksa.




# Alamin Natin


Ang katangian ng *pakikisama* ay nagiging masama o negatibo kapag lumalabag ka na sa batas o isinasakripisyo mo ang kapakanan ng iyong pamilya para lang mapasaya ang iyong kapuwa. Ang sumusunod ay mga maling halimbawa ng pagpapakita ng pakikisama.




Pakikipag-inuman sa mga pampublikong pook



Pagsali sa riot o awayan sa kalye



Pagnanakaw upang masiyahan ang mga kaibigan





Pagtanggap ng suhol

Maliban sa mga maling halimbawa ng pakikisama, ang pagtsitsismis at paninira o pagpapamalas ng *crab mentality* ay mga gawain na dapat iwasan. Ang pagtsitsismis, ang pagkakalat ng mga balita o kuwento tungkol sa isang tao na walang batayan o katotohanan. Ang paninira o crab mentality ay ang paghatak pababa sa isang tao dahil sa inggit.

## Basahin Natin Ito

Basahin ang halimbawa kung paano naaapektuhan ng tsismis at paninira o crab mentality ang mga tao.











## Magbalik-aral Tayo

Naintindihan mo ba ang komiks? Ngayon, sagutin ang mga tanong na ito.

1. Sa opinyon ni Marlon, ano ang dahilan kung bakit hindi dumalo sa party si Frederick? Ano ang tunay na dahilan kung bakit hindi siya dumalo?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Bakit kaya binansagan ni Marlon si Frederick na mayabang?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Paano naapektuhan ng balita ang pagkakaibigan nina Frank at Frederick?

_______________________________________________

_______________________________________________


_______________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 49.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Pag-aralan ang larawan sa ibaba.



Ano ang iyong masasabi tungkol sa mga tao na nasa larawan?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

Ano ang kanilang ginagawa?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

Ano sa inyong palagay ang kahalagahan ng kanilang pagkilos?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

Ang iyong sagot ay dapat katulad nito:

*Magkakapit-bisig ang mga tao sa larawan. Ginagawa nila ito upang ipakita na nagkakaisa sila. Kapag nagkakaisa ang mga tao, lahat ng bagay ay maaaring mangyari. Maaari nilang magawa ang kanilang layunin o hangarin at maisasakatuparan nila nang maayos at mabilis ang kanilang layunin.*


## Alamin Natin

Ang kahalagahan ng *pakikipagkapwa-tao* ay nakasalalay sa pagkakaisa. Kapag may mabuti kang ugnayan sa tao, makapagtatrabaho ka na kasama sila nang may paggalang, pagpapaubaya, pang-unawa sa kanilang mga paniniwala, damdamin, at kalagayan. Nakikiisa ka sa kanila dahil naniniwala ka na ang bawat tao, maging mayaman o mahirap ay iyong kapwa na nangangailangan ng kalinga, paggalang, at pagmamahal. Ang *pakikipagkapwa-tao* ay naipapakita sa pagkakapit-bisig na nangangahulugang ang bawat tao ay may pananagutan sa isa't isa. May pananagutan ka sa iyong kapwa, gayundin, may pananagutan sila sa iyo.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Sagutin ang pagsusulit upang malaman kung naintindihan mo ang aralin tungkol sa *pakikipagkapwa-tao*.

A. Alin sa mga larawan sa ibaba ang nagpapakita ng mabubuting halimbawa ng *pakikipagkapwa-tao*. Lagyan ng tsek **(4)** ang napiling sagot.



1. ________________



2. ________________






3. _______________ 4. _______________

B. Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Bilugan ang titik ng napiling sagot.

1. Ang iyong kapitbahay ay kilala sa iyong pamayanan bilang tsismosa. Isang araw, nakita mo siya at sinabi sa iyo na gumagamit ng bawal na gamot ang iyong kaibigan. Ano ang gagawin mo?

    a. Agad-agad kong pagbibintangan ang aking kaibigan na gumagamit ng bawal na gamot.
    b. Aawayin ko ang aking kapitbahay dahil sa mga kasinungalingang pinagsasabi tungkol sa kaibigan ko.
    c. Hindi ko papansinin ang sinabi niya.
    d. Pupunta ako sa aking kaibigan at tatanungin ko kung gumagamit siya ng bawal na gamot.

2. Namatay ang ama ng iyong katrabaho. Paano mo maipakikita sa kaniya at sa kaniyang pamilya ang iyong pakikiramay?

    a. Pupunta ako sa bahay niya at iaalay ko ang aking pakikiramay.
    b. Pupunta  ako sa bahay niya at makikipaglaro ng bingo.
    c. Sasabihin ko sa lahat ng aking katrabaho na mag-abuloy ng salapi upang matulungan ang kaniyang pamilya.
    d. Parehong a at c.

3. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng magandang ugnayan sa ibang tao?

    a. Magiging tanyag ka sa iyong pamayanan.
    b. Magiging mabisa ang pakikipagtulungan at paggawa kasama ang ibang tao.
    c. Magkakaroon ng pagkakaisa ang mga tao sa pamayanan.
    d. Parehong b at c.

4. Ang iyong kapatid na lalaki ay tumutulong sa isang kandidato sa halalan sa barangay. Hindi ka sumasang-ayon sa pinili niyang kandidato at sa palagay mo, mas magaling ang ibang kandidato. Ano ang gagawin mo?

   a. Makikipagtalo ako sa aking kapatid at pipilitin ko siyang suportahan ang ibang kandidato.
   b. Kakausapin ko siya tungkol sa mga katangian ng kandidato na gusto ko ngunit igagalang ko pa rin ang gusto niya.
   c. Magkukunwari ako na sumasang-ayon ako sa kaniya, pero sa likod niya, pipintasan ko siya dahil sa kaniyang piniling kandidato.
   d. Ipagwawalang-bahala ko siya at susuportahan ko ang ibang kandidato.

5. Sinu-sino ang iyong *kapwa-tao*?

   a. Ang Pangulo ng Pilipinas, ang militar at manggagawang panlipunan o social worker.
   b. Ang mga pulubi, batang lansangan, at drug addict.
   c. Ang mga kapitbahay, mga taong may kapansanan, at mga batang "espesyal" o special children.
   d. Lahat ng nasa itaas.

6. Anu-ano ang mga magagandang halimbawa ng *pakikisama*?

   a. Pagbabahagi ng iyong talino sa ibang tao.

   b. Pangtanggap ng mga suhol.

   c. Bayanihan.

   d. Parehong a at c.

O, kumusta ang pagsagot mo ng pagsusulit? Sa iyong palagay, tama ba ang mga sagot mo? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 49–50.

## Tandaan Natin

Sa araling ito, natutuhan mo na ang buhay natin ay makahulugan dahil sa mga taong ating nakasasama. Pero maaari pa nating gawin itong mas makahulugan kung may magandang ugnayan tayo sa ating kapwa-tao.

Ang *pakikipagkapwa-tao* ay ang pagpapakita ng malasakit at unawa sa ating mga kapwa. Maipakikita ito sa pamamagitan ng pagiging **mahabagin** sa mga mahihirap at sa mga nagdurusa. Maipakikita rin ito sa pamamagitan ng paglalagay ng sarili sa kalagayan ng ibang tao at sa pamamagitan ng **pakikiramay,** o pakikiisa sa mga taong may suliranin. Dapat mo ring **unawain**, at **igalang** ang mga damdamin, kalagayan, at paniniwala ng iyong mga kapwa-tao.

Ang iyong *kapwa-tao* ay kailangan na pakitunguhan nang may paggalang, pang-unawa, at pagmamahal. Kung mayroon tayong paggalang, pag-unawa, at pagtanggap sa paniniwala, damdamin, at kalagayan ng ibang tao, magiging epektibo at maayos ang pagtutulungan at sama-samang paggawa. Kapag tayo ay nagkakaisa, lahat ng bagay ay maaaring maisagawa.

Maaari mo nang umpisahan ang Aralin 2.

# ARALIN 2

# Paano Maging Mabuting Kaibigan



May kaibigan ka ba? Siya ba ay itinuturing mong mabuting kaibigan? Anu-ano ang mga katangian bilang isang mabuting kaibigan? Ikaw ba ay mabuting kaibigan? Paano mo ipinakikita sa iyong kaibigan na mahalaga siya sa iyo?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, may kakayahan ka nang:

- ♦ tukuyin kung sino ang iyong mabubuting kaibigan;
- ♦ tukuyin ang mga katangian ng isang mabuting kaibigan;
- ♦ isabuhay ang mga halagahan tulad ng katapatan, paggalang, atbp. sa iyong pakikipagkaibigan; at
- ♦ ipamalas ang ilang halagahan ng isang mabuting kaibigan.



# Subukan Natin Ito

Ang kaibigan ay isang mahalagang bahagi ng iyong buhay. Maaari niyang gawing makabuluhan ang iyong buhay. Pero bago ka humanap ng mabuting kaibigan, dapat maging isang mabuting kaibigan ka muna.

Sagutan ng mga tanong sa ibaba at alamin kung may mga katangian ka ng isang mabuting kaibigan. Bilugan ang titik ng napiling sagot.

1. Anong uring mga kaibigan mayroon ka ngayon?

   a. mayayaman at mga kilalang tao
   b. mga kaibigang masasayang kasama
   c. lahat ng uri ng tao

2. Ano ang karaniwan mong ginagawa kapag nababagot ka nang kasama ang kaibigan mo?

   a. iniiwasan ko siya
   b. lumalabas pa rin ako na kasama siya at ang iba pa naming kaibigan
   c. nagdadahilan para hindi ko na siya makasama

3. May kaibigan ka na hindi bahagi ng kasalukuyan mong barkada. Anong gagawin mo kung pinipintasan ng mga kabarkada mo ang iyong kaibigan mo?

   a. pipintasan ko rin siya pero sa magandang paraan
   b. ipagtatanggol ko siya
   c. mananahimik lang ako

4. Ayaw ng pamilya mo ang sa iyong kaibigan. Ano ang gagawin mo?

   a. iiwasan ko ang aking kaibigan
   b. patuloy pa rin akong makikipagkita sa kanya lingid sa kaalaman ng pamilya ko
   c. gagawa ako ng paraan upang magustuhan siya ng pamilya ko

5. Humiram ng pera sa iyo ang matalik mong kaibigan. Hanggang ngayon, hindi pa niya binabayaran ang perang hiniram sa iyo. Ano ang gagawin mo?

   a. kakausapin ko siya tungkol dito
   b. hihingin ko ang kabayaran sa harap ng maraming tao
   c. hindi ko siya papansinin

6. May problema ka at alam mong iisang tao lang ang makatutulong sa iyo. Pero hindi mo masyadong gusto ang taong ito. Ano ang gagawin mo?

   a. kakaibiganin ko siya at hihingan siya ng tulong
   b. hindi ako hihingi ng tulong sa kaniya at patuloy ko siyang hindi papansinin
   c. hihingi ako ng tulong sa kaniya, pero hindi ko susubukang kaibiganin siya

7. Humihithit ng marihuwana ang ilang kaibigan mo. Inaalok kang sumama sa kanilang gimik. Sasama ka ba sa kanila?

   a. sasama ako sa gimik
   b. sasama ako pero sasabihin ko agad sa kanila na hindi ako hihitit ng marihuwana
   c. hindi ako sasama sa kanila, pero sasabihin ko sa kanila ang mga masasamang epekto ng paggamit ng marihuwana.

8. May sinabi ang iyong kaibigan na ikinasama ng loob mo. Ano ang gagawin mo?

   a. magagalit ako sa kaniya at sasabihin kong nasaktan niya ang aking damdamin
   b. palalampasin ko lang
   c. iiwasan ko siya

9. Humihingi ng pabor sa iyo ang kaibigan mo. Magiging dahilan ito upang hindi ka papasok sa trabaho ng isang araw. Ano ang gagawin mo?

   a. gagawin ko ang lahat ng hihingin niya, kasi kaibigan niya ako
   b. tutulungan ko siya dahil gusto ko
   c. magagalit ako sa kaniya at sasabihin ko na sinasamantala niya ang aking kabaitan

10. Nagkaroon ng di-pagkakaunawaan ang dalawa mong kaibigan. Iniiwasan nila ang isa't isa. Pareho silang malapit sa iyo at natutuwa ka kapag kasama mo sila. Ano ang gagawin mo?

   a. kakampi ako, kakaibiganin ang isa at hindi papansinin ang isa
   b. kakausapin ko sila at susubukan kong maayos ang hindi nila pagkakaunawaan
   c. hindi ko sila papansining pareho, problema nila iyon at hindi akin.


Nahirapan ka ba sa pagsagot sa pagsusulit na ito? Upang makita kung wasto ang iyong mga sagot, tingnan ang *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 51.

## Alamin Natin

Kapag tinanong kita na ibigay ang kahulugan ng pakikipagkaibigan, marami ka sigurong maibibigay na kahulugan. Sa katunayan, walang eksaktong kahulugan ito. Sa iyo, ang mga kaibigan ay maaaring anghel na ipinadala upang gabayan ka, at ang pakikipagkaibigan ay tungkol sa paggabay sa bawat isa. Samantala, itinuturing ng ilan ang kanilang mga kaibigan bilang kayamanan at ang pakikipagkaibigan ay isang mahalagang bahagi ng ating buhay.

Ang sumusunod ay mahahalagang bagay na hango sa nakaraang gawain, *Subukan Natin Ito*. Tatalakayin pa natin nang mas maigi ang mga ito.

*Piliin ang iyong mga kaibigan dahil sa kung sino sila at hindi dahil sa kung ano ang mayroon sila*. Hindi mo dapat piliin ang iyong mga kaibigan dahil sa kalagayan nila sa buhay o materyal na yaman. Pinipili mo sila dahil pareho kayo ng mga gustong gawin tulad ng paglalaro ng basketbol o paglalangoy sa ilog. Pinipili mo rin sila dahil gusto mo ang mga taglay nilang katangian.





*Ang pakikipagkaibigan ay ang pagtulong at pag-aalaga sa iyong kaibigan nang walang inaasahang kabayaran o kapalit*. Huwag mong subukang kaibiganin ang isang tao dahil may magagawa siya para sa iyo o kaya ay kailangan mo ang tulong niya. Hindi ito tunay na pakikipagkaibigan. Ang mga tunay na kaibigan ay gumagawa ng mga bagay na para sa iyo dahil gusto nila at hindi dahil may hinihintay silang kabayaran o kapalit.

Narito ang isang halimbawa ng mabuting kaibigan na nagbibigay at hindi humihingi ng kabayaran.




*Kapag kasama mo ang iyong mga mabubuting kaibigan, hindi mo na kailangang magpanggap o magkunwari*. Halimbawa, kung hindi ka marunong lumangoy, masasabi mo ito. Maiintindihan ka niya at tutulungan ka pang mapalakas ang mga kahinaan mo.







*Ang mabuting kaibigan ay hindi lang papuri sa mga magagandang nagawa mo. Sasabihin din niya sa iyo ang mga pagkakamali mo*. Sa pamamagitan ng pagtawag sa iyong pansin sa iyong mga pagkakamali, tinutulungan ka niya upang umunlad. Hindi rin pinahihintulutan ng mabuting kaibigan ang mga maling gawain. Sa halip, tinutulungan ka niyang baguhin ang mga hindi magandang ginagawa mo.





## Magbalik-aral Tayo

Sagutin ang sumusunod na tanong upang malaman kung naintindihan mo ang mahahalagang paksa na ating talakayan. Salungguhitan ang napiling sagot.

1. Kapag kasama mo ang isang mabuting kaibigan, hindi mo na kailangang (magkunwari, magpadisplay) na iba ka sa tunay mong pagkatao.
2. Pinupuri ng mabuting kaibigan ang iyong mga (pagkakamali, tagumpay).
3. Ang mabuting (kaibigan, amo) ay nagbibigay nang walang hinihintay na kapalit o kabayaran.
4. Matutulungan ka ng mabuting kaibigan na paunlarin ang iyong mga (kalakasan, kahinaan).

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 51.




## Pag-isipan Natin Ito

Ilang kaibigan mayroon ka ngayon? Sino sa kanila ang itinuturing mong pinakamalapit sa iyo? Anu-ano ang mga katangiang gusto mo sa kaniya? Itinuturing mo ba siyang mabuting kaibigan? Bakit oo, bakit hindi?

________________________________________________________________

________________________________________________________________


Ituloy ang pagbasa upang mapatotohanan mo ang iyong sagot. Sa susunod na paksa, ating tatalakayin ang mga katangian ng mabuting kaibigan.



## Alamin Natin

Narito ang mga katangian ng mabuting kaibigan.

1. Ang mabuting kaibigan ay laging handang tumulong.




2. Nagbibigay ng suportang pandamdamin.

Ang mabuting kaibigan ay nag-aalok ng suportang pandamdamin. Ang salitang “pandamdamin” ay tumutukoy sa iyong mga *damdamin*. Ginagawa niya ito sa pamamagitan ng:



Pakikinig sa iyong mga suliranin




Pagiging masaya para sa iyo dahil sa iyong tagumpay



Nakikiramay sa iyong kalungkutan

Ang mabuting kaibigan ay isang tao na makakausap mo. Nakikinig siya sa mga suliranin mo maski walang maibigay na pangaral. Sapat na nandiyan siya para sa iyo. Hindi malutas ng isang mabuting kaibigan ang mga suliranin mo. Ang magagawa niya ay naririyan siya para sa iyo at handang sumuporta sa iyong mga pasiya.

3. Tapat



Ang mabuting kaibigan ay tapat. Hindi ka niya lalayuan dahil lamang sa nagawa mong pagkakamali. Maaasahan mo rin siya na ipag-tanggol ka niya, hindi lamang sa kapahamakang pisikal kundi maging sa ang mga hindi tamang mga puna.


4. Magalang o nagpapakita ng Paggalang




Iginagalang ng mabuting kaibigan ang iyong mga opinyon, pasiya, at paniniwala.

5. May malasakit

Ang mabuting kaibigan ay may malasakit sa iyong kapakanan. Kaya hindi siya nag-aalinlangan na sabihin ang iyong mga pagkakamali at kahinaan. Ginagawa niya ito upang matuto ka sa mga ito at lalong paunlarin ang iyong sarili. Hindi ka niya aakayin sa paggawa ng masasamang bagay gaya ng pagnanakaw, paggamit ng mga bawal na gamot, pagsusugal, at iba pa.



## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Sagutin ang sumusunod na tanong upang malaman kung naunawaan mo ang mahahalagang konsepto sa araling ito. Salungguhitan ang napiling sagot.

1. (Iginagalang, Iniaangko) ng mabuting kaibigan ang iyong mga paniniwala at pasiya.
2. Piliin ang iyong mga kaibigan batay sa kung (sino sila, ano ang mayroon sila)
3. Ang tapat na kaibigan ay ipagtatanggol ka sa hindi tamang (puna, papuri)
4. Ang mabuting kaibigan ay masaya para sa iyo dahil sa iyong (tagumpay, kabiguan)

B. Magtala ng limang (5) katangian ng isang mabuting kaibigan.

______________________________________________

______________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 51–52.

Tapos ka na sa Aralin 2. Bago mo umpisahan ang susunod na aralin, tingnan ang buod sa ibaba upang matulungan kang tandaan ang mga mahahalagang bagay mula sa ating aralin.

## Tandaan Natin

Sa araling ito natutuhan mo na ang mga kaibigan ay mahalaga sa ating buhay. Pero higit na mahalaga na mabubuting kaibigan ang pipiliin natin. Nagiging makabuluhan ang ating buhay dahil sa kanila. Kapag sila ang kasama mo, hindi mo na kailangang magpanggap o magkunwari. Nagiging totoo tayo sa ating mga sarili. Ang mga katangian ng mabuting kaibigan ay:

- handang tumulong sa lahat ng oras
- nagbibigay ng tulong na pandamdamin
- tapat sa kaibigan
- iginagalang ang opinyon, kagustuhan, at paniniwala ng kaniyang kaibigan
- may malasakit sa kapakanan ng kaibigan

Maaari mo nang umpisahan ang Aralin 3.

# ARALIN 3

## Ikaw ba ay Tao Para sa Iba?



Mahigit pa sa dalawampu't isang bagyo ang dumadalaw sa ating bansa taun-taon. Dahil sa mga pinsalang dulot ng mga ito, parami nang parami ang mga taong humihingi ng tulong sa pamahalaan. Pero hindi kayang tumulong mag-isa ng pamahalaan, kailangan ang mga tao na kusang tumulong sa iba.

Ang mga biktima ng mga bagyo, lalung-lalo na sa mga nasa hindi mabuting kalagayan ay nagsasabing "kailangan kita". Ano ang iyong sagot? Ikaw ba ay para sa iba? Handa ka bang tumulong sa mga nangangailangan?


Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, may kakayahan ka nang:

- tukuyin ang mga kalagayan o sitwasyong maaari kang tumulong sa iyong mga kapwa;
- tukuyin ang mga tao at ahensiya na maaaring makatulong sa oras ng kaguluhan; at
- isabuhay ang mga halagahan o values ng pagiging "tao para sa iba" sa iyong pang-araw-araw na karanasan.



# Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba. Ano ang magagawa mo na makatutulong sa mga taong apektado ng mga kalagayang ito?



Tambak ang basura malapit sa iyong bahay. Ano ang gagawin mo?

a) ______________________

______________________

______________________




Umapaw ang ilog dahil sa malakas na ulan. Bumaha sa mga mababang pamayanan. Ano ang gagawin mo para makatulong?

b) ______________________

______________________

______________________




Ang iyong pamayanan ay may mga gamit na upang magtayo ng *health center*. Paano ka makatutulong?

c) ______________________

______________________

______________________




Madalas kang nakakikita ng pangkat ng mga batang lansangan na sumisinghot ng solvent sa overpass na dinaraanan mo. Ano ang gagawin mo?

d) ______________________

______________________

______________________

Ihambing ang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 52.




## Alamin Natin

Isinasaalang-alang ng taong para sa iba ang kapakanan ng iba bago ang sariling kapakanan. Tumutulong siya nang hindi naghihintay ng kabayaran o kapalit. Lagi siyang handang tumulong.

Sa aralin 1, natutuhan mo na bahagi ng pagkakaroon ng magandang ugnayan sa iyong kapwa ang pagpapakita ng malasakit sa ibang tao. Pero hindi sapat na magpakita ng awa at pakikiramay sa ating kapwa. Dapat tayong tumulong sa abot ng ating makakaya at kailanman tayo kailangan.

Narito ang mga halimbawa ng kalagayan na maaari kang tumulong sa iyong kapwa. Kailangan ang iyong tulong sa mga panahon ng kagipitan. May mga panahon na ang buhay, ari-arian, at kapakanan ng iba ay nasa panganib. Ang mabilis mong pag-iisip at pagkilos ay lubhang mahalaga.







Maaari kang makiisa sa mga tao sa iyong pamayanan sa pamamagitan ng mga proyektong makabubuti sa inyong kapaligiran.




Tumulong na linisin ang kapaligiran.

May mga batas sa ating bansa na kailangang sundin. Ang mga batas na ito ay ginawa upang masiguro ang kaligtasan ng mga tao at ang katahimikan at kaayusan ng ating pamayanan. Tumulong ka sa iyong kapwa at sa iyong bansa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas na ito.




Sundin ang mga batas pantrapiko




Huwag magtapon ng basura sa mga pampublikong pook.



## Subukan Natin Ito

Magtala ng ilang batas sa ating bansa na may layuning panatilihin ang kaligtasan, katahimikan, at kaayusan. Maaari mo ring tanungin ang iyong mga kapamilya o mga tao sa iyong pamayanan tungkol sa mga batas na alam nila. Sinusunod mo ba ang mga batas na ito. Bakit oo, bakit hindi?

________________________________________________________

________________________________________________________


________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 52.




## Alamin Natin

Narito ang mga halimbawa kung paano mo matutulungan ang iyong kapwa.



Ang dugo ay isang mahalagang bahagi ng ating katawan. Nagbibigay ito ng sustansiya sa mga selula ng ating katawan. Kailangan natin ito upang mabuhay. Ang ilang tao ay nangangailangan ng karagdagang dugo dahil hindi kaya ng kanilang katawan ang gumawa ng sapat na dami ng dugo. Ang mga biktima ng aksidente o nagpapaopera ay nangangailangan din ng karagdagang dugo. Matutulungan mo ang mga taong ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng sariling dugo.

May mga pangyayari sa pang-araw-araw na maaari mong isagawa ang halagahan o values ng pagiging tao para sa iba.



Ipakita ang paggalang sa pamamagitan ng pagtulong sa matanda na tumawid sa daan.



Maging matapat



Tulungan ang mga kapitbahay sa kanilang mga gawain.




Ituro ang tamang daan.



## Subukan Natin Ito

Upang matugunan agad ang mga pangyayaring di-maasahan o emergency, kailangan mong malaman ang mga impormasyon tungkol sa mga ahensiya o tao na maaaring makatulong sa iyo sa panahon ng kagipitan.

Subukan at hanapin ang mga pangalan, numero ng telepono, at tirahan ng sumusunod na tao o ahensiya na makatutulong sa iyo kapag may krisis. Isulat ang impormasyon sa ibaba.

| | Pangalan | Tel. No. | Tirahan |
|---|---|---|---|
| Barangay Captain | | | |
| Pinakamalapit na istasyon ng Pulisya | | | |
| Pinakamalapit na Ospital | | | |
| Barangay Health Center | | | |
| Pinakamalapit na Fire Station o Bumbero | | | |
| National Bureau of Investigation | | | |
| DSWD (Department of Social Welfare & Development) | | | |

Kung gusto mo, maaari mong isulat ang iyong mga sagot sa hiwalay na papel at itago sa ligtas na pook sa iyong bahay upang mayroon kang sanggunian sa oras ng kaguluhan.

Ipawasto ang iyong mga sagot sa iyong *Istructional Manager o Facilitator*.



## Pag-isipan Natin Ito

Bilang tao na may magandang ugnayan sa kapwa at bilang tao para sa iba, kailangan mong magkaroon ng tamang attitude tungkol sa pagtulong sa ibang tao. Paano kung ang iyong kapitbahay na madalas mong makaaway noon ay nanghihiram sa iyo ng pambili ng gamot para sa anak niyang maysakit? Ano ang gagawin mo? Pahihiramin mo ba siya? Bakit oo, bakit hindi?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Ang sagot mo ay dapat katulad nito:

*Oo, tutulungan ko siya. Lagi kong tatandaan na ang taong para sa iba ay umiisip sa kapakanan ng iba bago ang sariling kapakanan. Ibig sabihin nito na kailangan kong isipin muna ang kapakanan ng aking kapwa bago ang aking sarili. Kailangan din na isantabi ko ang mga pagtatalo namin ng aking kapitbahay. Maaari kaming nagtatalo kami noon, pero walang kinalaman dito ang anak niya. Isa itong pagkakataon upang makatulong ako sa aking kapwa at tutulong ako.*



## Tandaan Natin

Sa araling ito, natutuhan mo na upang maging para sa iba ay kailangan mong isipin ang kapakanan ng iyong mga kapwa. Dapat mong isantabi ang mga personal na di-pagkakaunawaan mo at ng iyong kapwa upang makatulong. Dapat kusa kang tumulong, makisama, o gawin ang nararapat sa mga pangyayaring tulad nito:

- Mga pangyayaring di-naasahan o emergency, gaya ng sunog, bagyo, baha, at iba pa
- Kung may mga proyekto sa pamayanan na kailangan ang tulong ng mga tao
- Kapag may mga batas na dapat sundin
- Sa paggawa ng mga pang-araw-araw na gawain

Upang lubos na makatulong sa iyong kapwa, dapat kilala mo ang mga iba't ibang tao at ahensiya na makatutulong sa panahon ng kagipitan.



## Ibuod Natin

Sa modyul na ito, napag-aralan mo na ang pakikipagkapwa-tao o ang pagkakaroon ng magandang ugnayan sa iba ay tungkol sa pagpapakita ng malasakit at pag-unawa sa iyong mga kapwa. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagiging mahabagin, pakikiramay, at paggalang sa paniniwala, opinyon, at kalagayan ng ibang tao.

Ang mabubuting kaibigan ay tumutulong sa atin. Nariyan sila hindi lang sa oras ng kasayahan kundi maging sa oras ng kalungkutan. Hindi ka aakayin ng isang mabuting kaibigan na gumawa ng masamang bagay dahil nagmamalasakit siya sa iyong kapakanan.

Isinasaalang-alang ng taong para sa iba ang kapakanan ng iba bago ang sariling kapakanan. Lagi itong handa na tumulong at isinasagawa niya ang mga halagahan o values, gaya ng katapatan, pagtitiwala, at paggalang sa kaniyang pakikitungo sa iba.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Inaasahan ko na marami kang natutuhan sa modyul na ito. Upang malaman natin, sagutin ang sumusunod na tanong.

A. Bilugan ang titik ng napiling sagot.

1. May kaibigan kang Muslim at pumunta siya sa inyong bahay. Gusto mo siyang pakainin, pero *adobong baboy* lang ang mayroon ka, at alam mo na ang mga Muslim ay hindi kumakain ng karne ng baboy. Pipilitan mo ba siyang kumain ng adobong baboy?

    a. Oo, kasi ito lang ang pagkaing mayroon ako.
    b. Oo, lolokohin ko siya at sasabihin kong adobong baka ang inihanda ko para sa kaniya.
    c. Hindi, hindi ko siya bibigyan ng kahit na ano at iiwasan kong banggitin ang tungkol sa pagkain.
    d. Hindi, hihingi ako sa kaniya ng paumanhin dahil wala akong maihandang pagkain para sa kaniya.

2. May matandang ale ang tatawid sa daan. Wala namang mga sasakyan ngunit mahina na siya at nangangailangan ng tulong sa pagtawid. Halos huli ka na sa isang mahalagang interbyu para sa trabaho. Ano ang gagawin mo?

a. Tutulungan ko pa rin ang ale kahit halos huli na ako sa aking interbyu.
b. Hindi ko siya papansinin at magmamadali ako sa aking pupuntahan.
c. Maghahanap ako ng ibang tao na tutulong sa kaniya.
d. Tutulungan ko siya pero kagagalitan ko siya sa paglabas niya sa bahay gayong mahina at matanda na siya.

3. Isinasama ka ng iyong kaibigan na magnakaw ng isang sakong bigas sa kiskisan ng bigas. Sabi niya, dinadaya ng kiskisan ang mga magsasaka sa pamamagitan ng paggamit ng madayang timbangan. Ano ang gagawin mo?

a. Hindi ako sasama sa kaniya at sa halip, sasabihin kong masama ang gagawin niya.
b. Hindi ako sasama sa kaniya. Hayaan ko na lang siya sa gagawin niya.
c. Sasama ako sa kaniya dahil patas lang naman kami ng may-ari ng kiskisan.
d. Sasama ako sa kaniya dahil kaibigan ko siya.

4. May napulot kang pitaka sa daan at nakilala mo ang larawan sa loob nito na ang iyong kapitbahay na nakaaway mo kailan lang. Ano ang iyong gagawin?

   a. Ibabalik ko ang pitaka sa daan at tutuloy na ako sa aking lakad. Hindi ko kasalanan kung nalaglag niya ito.
   b. Kukunin ko ang pera at ibabalik ang pitaka sa daan. Paraan ko ito upang makaganti sa kaniya.
   c. Kukunin ko ang pitaka at sasabihin kong humingi siya sa akin ng paumanhin sa kaniyang ginawa noon bago ko ibalik ito sa kaniya.

B. Sagutin ang sumusunod na tanong.

   1. Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mabuting kaibigan?

      ____________________________________________

      ____________________________________________

   2. Bilang isang indibidwal, ano sa palagay mo ang kahalagahan ng pagkakaroon ng magandang ugnayan sa iyong mga kapwa?

      ____________________________________________

      ____________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 53–54.

Kapag ang marka mo ay:

0–1 Pag-aralan mong muli ang modyul

2–3 Pagbalik-aralan ang mga paksa sa modyul na hindi mo naintindihan.

4–5 Magaling! Kailangan mong pagbalik-aralan ang mga sagot na hindi mo nakuha nang tama.

6 Napakagaling! Marami kang natutuhan sa modyul na ito. Maaari mo nang umpisahan ang susunod na modyul.

# Batayan sa Pagwawasto

## A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp.2–3)*

A. a. **4** Ang pag-aalaga ng may sakit ay isang halimbawa ng pakikipagkapwa-tao. Tingnan sa Aralin I para sa talakayan tungkol sa pakikipagkapwa-tao.

b. **4** Isang magandang halimbawa ng pakikipagkapwa-tao ang bayanihan. Tingnan sa Aralin I ang pakikipagkapwa-tao para sa talakayan.

c. **8** Ang pag-iinom ng alak sa mga pampublikong pook ay kadalasang nauuwi sa gulo at awayan. Hindi ito nakatutulong sa tao kundi nagiging sanhi ng suliranin sa pamayanan.

d. **8** Kapag nagtsitsismis ka, nagkakalat ka ng mga kasinungalingan na maaaring makasakit sa damdamin ng ibang tao.

B. 1. Ang wastong sagot ay tama. Ang pagpapaubaya ay paggalang sa mga opinyon at paniniwala ng iyong mga kaibigan at kapwa.

2. Ang wastong sagot ay mali. Dapat magkaroon ka ng magandang pakikipag-ugnayan sa iba maski sa mga pulubi at batang lansangan.

3. Ang sagot ay mali. Ang pakikipagkapwa-tao ay ang pagpapakita ng malasakit at unawa sa tao. Tayong mga Pilipino, kadalasang ginagawa ang lahat upang mapasaya ang kapwa dahil sa pakikisama.

4. Ang sagot ay tama. Ang tao para sa iba ay kusang tumutulong sa kaniyang kapwa.

5. Ang sagot ay mali. Ang pakikisama ay ang pakikipagtulungan sa iba tungo sa iisang layunin. Tingnan sa Aralin 1 (pp. 10–12) ang talakayan tungkol sa empatiya at iba pang asal na mahalaga sa pakikipagkapwa-tao.


6. Ang sagot ay mali. Ang mabuting kaibigan ay hindi kailangang magbigay ng mga pangaral. Ang mahalaga, pinakikinggan niya ang iyong mga suliranin.

7. Ang sagot ay mali. Walang makapagpawala sa iyong mga suliranin. Kailangan mong harapin ang mga ito. Ang magagawa ng mga kaibigan mo ay nandiyan sila para sa iyo.
8. Ang tamang sagot ay tama. Ang Aralin 1 (pahina 22) ang nagpapaliwanag kung bakit ito ang sagot.
9. Ang tamang sagot ay mali. Ang Aralin 1 (pahina 10-12) ang nagpapaliwanag kung bakit ito ang sagot.
10. Ang wastong sagot ay tama. Bago mo asahan ang iba na maging mabuting kaibigan sa iyo, dapat taglay mo rin ang mga katangiang ito.

## B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pahina 7)*

Narito ang halimbawang sagot. Ang iyong sagot ay maaaring iba sa nasa ibaba.



*Pag-aralan at Suriin Natin Ito (pahina 8)*

Ang bawat mag-aaral ay inaasahang magbigay ng magkakaibang sagot.

Narito ang halimbawang sagot:

Oo, dahil ang kapwa-tao ay tumutukoy sa lahat ng tao. Ang mga rebelde, kriminal, pulubi, at iba pa ay mga tao rin.

*Subukan Natin Ito (pahina 10)*

a. Karpentero
b. Intsik
c. Pulis
d. Pintor
e. Muslim
f. Mangingisda

*Subukan Natin Ito (pp. 12–14)*

1. **Pagkamahahabagin** – Si Jing ay nagpakita ng malasakit sa pobreng bata nang mahabag siya dito.

2. **Empatiya** – si Mang Romeo ay nagpakita ng empatiya noong naisip niya kung paano maging nasa kalagayan ng manggagawa.

3. **Pakikiramay** – nagpakita ng pakikiramay si Darsana sa kalagayan ng kaniyang kaibigan.

*Subukan Natin Ito (pahina 18)*

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | N | S | T | K | X | Q | T | X | I | Z | K | H | C |
| A | H | R | M | A | P | A | N | G | U | N | A | W | A |
| G | G | B | I | O | A | E | M | P | A | T | I | Y | A |
| G | F | Q | R | A | G | E | U | Q | Z | M | N | P | P |
| A | N | W | G | Q | H | E | R | P | J | N | J | A | A |
| L | Z | P | H | P | K | A | B | A | M | T | E | W | S |
| A | Y | K | M | L | P | J | T | E | N | G | L | Q | S |
| N | L | I | Y | A | W | E | W | K | L | C | S | R | I |
| G | T | L | P | A | K | I | K | I | S | A | M | A | O |
| O | C | O | U | R | T | E | S | Y | G | U | H | E | N |
| N | P | A | G | K | A | M | A | H | A | B | A | G | I |
| Q | H | D | C | O | M | P | A | G | G | A | L | A | N |
| M | R | J | E | H | Z | K | E | R | T | Z | S | M | W |
| X | W | U | L | V | O | M | L | P | E | Y | E | Y | E |

*Magbalik-aral Tayo (pahina 21)*

1. Sa opinyon ni Marlon, hindi nakadalo sa party si Frederick dahil yumabang na siya. Ngunit ang totoong dahilan ng hindi niya pagdalo ay nagkasakit siya.
2. Mabilis na sinabihan ni Marlon si Frederick na mayabang na dahil lang sa nakapag-aral siya sa Maynila. Makikita natin sa kaniyang mga kilos na sa halip na matuwa sa tagumpay ng tao ay nainggit siya at gustong sirain ang reputasyon ng tao.
3. Nasaktan ang damdamin ni Frederick dahil ang akala niya ay nagkakalat ng hindi totoong balita si Frank tungkol sa kaniya.

*Alamin Natin ang Iyong Natutuhan (pp. 23–25)*

A. 1. **4** Ang pagbibigay ng mga bagay na kailangan ng mga biktima ng kalamidad ay isang paraan upang maipakita ang malasakit sa kapwa.

2. **8** Ang pakikipag-away sa iyong mga kapitbahay ay masamang halimbawa ng pakikipagkapwa-tao. Kung ikaw at ang iyong kapitbahay ay may di-pagkakaunawaan, pag-usapan ninyo ito at ayusin nang mapayapa.

3. **4** Ang pagbibigay kawanggawa ay isang paraan ng pagpapakita ng malasakit sa mga mahihirap; gayon din ang kusang pagtulong.

4. **8** Hindi tama na pagtawanan ang kultura ng iyong kapwa. Upang magkaroon ng mabuting ugnayan sa ibang tao, dapat mong igalang, tanggapin at intindihin ang mga paniniwala, gawi, at kagustuhan ng tao.

B. 1. Ang pinakamainam na sagot ay (d). Dapat kang pumunta sa iyong kaibigan at bigyang-linaw ang isyu. Kung walang katotohanan ang sinabi ng iyong kapitbahay, naabisuhan mo naman ang kaibigan mo tungkol dito.

Kung ang iyong sagot ay (a), (b) at (c), mali ito. Ang agad-agad na pagbibintang sa iyong kaibigan na gumagamit siya ng bawal na gamot ay hindi tama, sapagkat ipinakikita nito na wala kang tiwala sa kaibigan mo. Sa halip, naniniwala ka pa sa isang tsismosa kaysa pakinggan ang paliwanag ng iyong kaibigan. Ang pakikipag-away sa iyong kapitbahay ay hindi rin makatutulong sa sitwasyon. Maaari pa niyang ikalat ang tsismis kung gusto niya. Samantala, ang hindi mo pagpansin sa isyu ay pagpapakita na wala kang malasakit sa kaibigan mo.

2. Ang pinakamagaling na sagot ay (d) o parehong a at c. Maipakikita mo ang iyong pakikiramay sa pamamagitan ng pagpunta sa bahay ng iyong katrabaho at pag-aalay ng pakikiramay sa kaniya at sa kaniyang pamilya. Maaari mo ring hingan ng abuloy ang iyong mga katrabaho para sa kaniya at sa pamilya niya. Ang pagpunta doon para mangaral o sumali sa bingo ay nagpapakita na wala kang malasakit sa iyong katrabaho kundi, interesado ka lamang sa sugal.

3. Ang pinakamagaling na sagot ay (d) o parehong b at c. Ang kahalagahan ng pagkakaroon ng magandang ugnayan sa ibang tao ay magiging mabisa o epektibo ang pagtutulungan at sama-sama ninyong paggawa. At kapag ang mga tao sa pamayanan ay magkakasamang gumawa, may pagkakaisa.

   Kung ang sagot mo ay (a), mali ang sagot mo. Hindi nangangahulugang sikat ka kung may magandang ugnayan ka sa mga tao. Sa pakikipagkapwa-tao, hindi ka tumutulong sa tao at nagbibigay ng pagpapahalaga dahil nais mong maging popular, kung hindi nais mong makatulong.

4. Ang pinakawastong sagot ay (b). Dapat mong intindihin na bawat isa sa atin ay may sariling paniniwala, opinyon, at kagustuhan. Ito ang dahilan kung bakit magkakaiba ang bawat tao. Kailangan mong tanggapin ang bawat paniniwala, opinyon, at kaugalian ng bawat tao upang magkaroon kayo ng mabuting ugnayan. Kagustuhan ng kapatid mo ang pagtulong sa kandidato. Malaya kang sumang-ayon o hindi sa kaniyang kagustuhan. Ngunit ang pagpuna mo sa kaniya nang nakatalikod at ang hindi mo pagpansin sa kagustuhan niya ay hindi tama dahil nagpapakita ito na hindi mo iginagalang ang kaniyang kagustuhan at paniniwala.

5. Ang tamang sagot ay (d) o lahat ng nasa itaas. Ang Pangulo ng Pilipinas, ang militar, mga panlipunang manggagawa o social worker, mga pulubi, mga batang lansangan, mga adik, kapitbahay, at mga may kapansanan ay ilan sa iyong mga kapwa-tao.

6. Ang tamang sagot ay (d) o parehong a at c. Ang magagandang halimbawa ng pakikisama ay pagbabahagi ng iyong talino sa ibang tao at ang paglahok sa bayanihan na nagtutulungan ang isa’t isa. Ang pagtanggap ng suhol dahil sa pakikisama ay isang gawaing dapat tanggalin o kalimutan.

## C. Aralin 2

*Subukan Natin Ito (pp. 28–29)*

*Pagmamarka:*

1) a:1 b:2 c:4
2) a:2 b:4 c:1
3) a:1 b:2 c:1
4) a:1 b:4 c:2
5) a:2 b:1 c:4
6) a:1 b:4 c:2
7) a:4 b:1 c:2
8) a:2 b:4 c:1
9) a:4 b:1 c:2
10) a:1 b:2 c:4

*Interpretasyon*

10 hanggang 14 na punto: kailangan mo pang mag-aral tungkol sa mabuting pakikipagkaibigan. Subukang isipin ang kapakanan ng iyong mga kaibigan at hindi lang ang sarili mo.

15 hanggang 27 na punto: ikaw ay isang mabuting kaibigan. Pinakikisamahan mo ang iyong mga kaibigan nang pantay. Hindi ka takot ibahagi ang iyong damdamin at mga hinanakit.

Labis sa 27 na punto: ginagawa mo ang mga bagay na makapagpapasaya sa iyong mga kaibigan. Hindi ito magandang halimbawa ng magandang pakikipagkaibigan. Sa magandang pakikipagkaibigan, dapat mong sabihin ang iyong iniisip at nararamdaman. Dapat na gawin mo ang mga bagay para sa iyong kaibigan dahil gusto mo itong gawin at hindi dahil sa inaasahan kang gawin ito.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 33)*

1. Kapag kasama mo ang isang mabuting kaibigan, hindi mo na kailangang (<u>magkunwari</u>, magpadisplay) na iba ka sa tunay mong pagkatao.
2. Pinupuri ng mabuting kaibigan ang iyong mga (pagkakamali, <u>tagumpay</u>).
3. Ang mabuting (<u>kaibigan</u>, amo) ay nagbibigay nang walang hinihintay na kapalit o kabayaran.
4. Matutulungan ka ng mabuting kaibigan na paunlarin ang iyong mga (kalakasan, <u>kahinaan</u>).

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 36)*

A. 1. (<u>Iginagalang</u>, Iniaangkop) ng mabuting kaibigan ang iyong mga paniniwala at pasiya.

2. Piliin ang iyong mga kaibigan batay sa (<u>kung sino sila</u>, kung ano ang mayroon sila)

3. Ang tapat na kaibigan ay ipagtatanggol ka sa hindi (<u>tamang puna</u>, <u>pagpuri</u>)

4. Ang mabuting kaibigan ay masaya para sa iyo dahil sa iyong (<u>tagumpay</u>, kabiguan).

B. Ang limang katangian ng mabuting kaibigan ay:

1. matulungin o laging handang tumulong
2. nagbibigay ng suportang pandamdamin
3. tapat
4. magalang
5. may malasakit sa kapakanan ng kaniyang kaibigan

## D. Aralin 3

*Pag-aralan at Suriin Natin Ito (pahina 38)*

Ang bawat mag-aaral ay inaasahang magbigay ng iba't ibang sagot.

Narito ang posibleng sagot:

a. maaari kong kausapin ang aking kapitbahay at himukin silang sama-samang maglinis ng aming kapaligiran. Maaari ring makipag-usap ako sa mga opisyales ng barangay upang tulungan kami sa pagtatapon ng mga basura.

b. makatutulong ako sa paglilipat ng mga taong apektado. Maaari rin akong magbahagi ng sobrang pagkain at mga damit.

c. Maaari akong tumulong sa paggawa ng health center. Dahil sa wala akong masyadong kaalaman sa pagiging karpintero, tutulong na lang ako sa paghahanda ng mga kailangan ng mga gagawa.

d. Ang pinakamainam na paraan upang matulungan ang mga bata ay ang pagbibigay-alam sa Kawanihan ng Panlipunang Kapakanan at Kaunlaran o DSWD.

*Subukan Natin Ito (pahina 40)*

Ihambing ang iyong talaan sa talaang ito.

1. bawal mag-jaywalking.
2. bawal magsakay at magbaba ng pasahero sa ilang tiyak na pook.
3. bawal manigarilyo sa pampublikong pook
4. bawal huminto sa tow-away zones
5. batas laban sa bagansiya

## E. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 44–45)*

A. 1. Ang pinakawastong sagot ay (d). Sa pakikipagkapwa-tao dapat mong igalang ang mga paniniwala at kaugalian ng iyong kapwa. Paniniwala ng kaibigan mong Muslim na bawal kumain ng karne ng baboy at dapat mo itong igalang. Kung wala kang maiaalok na pagkain sa kaniya, humingi ka na lang ng paumanhin at tiyak akong maiintindihan ka niya.

   Kapag ang sagot mo ay (a), (b) o (c), mali ang sagot mo. Kung pipilitin mo siyang bigyan ng adobong baboy, masasaktan mo lang siya. Ipinapakita lamang nito na wala kang paggalang sa kaniyang paniniwala. Kung iiwasan mo ang pagbanggit sa pagkain, para kang walang pitagan. Ang pag-aalok ng pagkain o inumin sa ating mga panauhin ay bahagi ng pagiging magalang o mapitagan.

2. Ang pinakawastong sagot ay (a) o tutulungan ko ang ale na tumawid maski halos mahuli na ako sa interbyu ko sa trabaho. Lagi mong tatandaan ang taong para sa iba ay isinasaalang-alang ang kapakanan ng kaniyang kapwa bago ang sarili. Dapat mong isipin muna ang kapakanan ng ale kaysa sa iyong sarili.

   Kung ang sagot mo ay (b), mali ito. Ang hindi pagpansin sa kapwa na nangangailangan ng iyong tulong ay hindi magandang halimbawa ng pakikipagkapwa-tao.

   Ang ang mararamdaman mo kung ikaw ay may suliranin at walang tumulong sa iyo?

   Kung ang sagot mo ay (c), mali ang sagot mo. Ang pagtulong sa ale pero kagagalitan pagkatapos ay hindi rin tamang gawin. Hindi mo alam ang buong pangyayari kung bakit siya lumabas. Masasaktan siya kapag nagalit ka sa kaniya. Sa halip na natulungan mo siya, masasaktan mo ang kaniyang damdamin.

3. Ang pinakamagandang sagot ay (a). Bilang taong para sa iba, dapat mong sundin lahat ng batas; at alam mo na labag sa batas ang pagnanakaw. Bilang mabuting kaibigan ipakita mo ang iyong malasakit sa pamamagitan ng paghimok sa kaniya na huwag ituloy ang kaniyang mga plano.

   Kung ang sagot mo ay (b), mali ang sagot mo. Kapag hinayaan mo siyang pumunta, hindi ka mabuting kaibigan. Ipinapakita ng mabuting kaibigan ang masasamang katangian at pagkakamali ng isang kaibigan. Sinusubukan din niyang pigilan ng paggawa ng di-mabuting bagay.

Kung ang sagot mo ay (c), mali ang sagot mo. Kapag sumama ka sa iyong kaibigan at nagnakaw sa kiskisan, gulo ang mangyayari. Hindi mo tiyak na totoo ang sinasabi ng kaibigan mo. At kahit na totoo pa ito, ang pagnanakaw sa kiskisan ay hindi na makapipigil sa pandaraya ng may-ari. Kapag nahuli kayo, kayo rin ng kaibigan mo ang malalagay sa gulo.

Kung ang sagot mo ay (d), mali rin ito. Ang pagsama mo sa hindi mabuting gawain ay hindi katangian ng mabuting kaibigan.

4. Ang pinakawastong sagot ay (c). Sa pagbabalik mo ng pitaka ng iyong kapitbahay, tama ang iyong pakikipagkapwa-tao. Sigurado ako na magpapasalamat siya sa iyo at magiging daan ito upang magkabati uli kayo.

   Kung ang sinagot mo ay (a), (b) o (d), mali ang sagot. Dapat mong isantabi ang personal ninyong alitan ng iyong kapitbahay at gamitin ang pagkakataon na tulungan ang iyong kapwa. Kapag kinuha mo ang pera sa pitaka, hindi mo lang binabale-wala ang pakikipagkapwa-tao, kundi nagkakasala ka ng pagnanakaw. Maski na napulot mo ang pera sa daan, hindi nangangahulugang iyo ito para kunin, lalo na at ang ID sa pitaka ay malinaw na tumutukoy sa may-ari nito.

B. Bawat mag-aaral ay inaasahang magbibigay ng magkakaibang sagot.

   Narito ang halimbawa ng sagot:

   1. Ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mabubuting kaibigan ay mayroon kang mapagkakatiwalaan maski ano ang mangyari. Matutulungan ka rin nilang maging higit na mabuting tao.
   2. Kapag ako ay may magandang ugnayan sa aking kapwa, mabubuhay ako nang tahimik at malaya dahil alam ko na kapag nangailangan ako ng tulong, may mga taong malalapitan ako.



# Talahuluganan

**Crab mentality** Ang gawi ng paghatak paibaba sa isang tao dahil sa labis na pagseselos o pagkainggit

**Empatiya** Paglagay ng iyong sarili sa kalagayan, pakiramdam, at isipan ng ibang tao


**Kapwa-tao** Tumutukoy sa ibang tao na kinabibilangan ng pamilya, mga kaibigan, kamag-anak, kapitbahay, kapwa-Pilipino at iba pa

**Magalang** Pagpapakita ng paggalang at konsiderasyon sa iba

**Malasakit** Ang kakayahang mahabag sa taong nangangailangan o nagdurusa

**Paggalang** Pagbibigay galang sa isang tao; kakayahang tanggapin at igalang ang kagustuhan ng tao, gayon din ang kaniyang pasiya, opinyon, at paniniwala

**Pakikiramay** Pakikibahagi sa dalamhati o suliranin ng isang tao



# Mga Sanggunian


Friendship

<http://www.spirituality.org/issued 07/7 page 05.html>. February 7, 2001, date accessed

<http://www.jps.net/nada/strobel.html> January 3, 2001, date accessed.

Cultural Heritage ang Contemporary Change.

<http://www.crvp.org/book/Series 03/111-07.html>. January 31, 2001 date accessed.

Fun Quiz

<http://www.kabayanonline.com/DIWA/novOO/funquiz1101.html>. January 31,2001, date accessed.

Andres, Tomas (1981). Understanding Filipino Values. New Day Publishers.

Andres, Tomas (1989). Positive Filipino Values. New Day Publishers.